ABABALA UKOL SA TINGGA (LEAD)

Nakakalason ang Tingga sa Iyong Anak

Paano nakakasakit ang tingga sa aking anak?

Kahit katiting na tingga ay makakasakit sa iyong anak. Kapag nakapasok ang tingga sa iyong anak, maaring gawin nitong mahirap para sa iyong anak na:

- Matututo
- Mag-ukol ng pansin o maging atentibo
- Kumilos nang naaangkop

Ano ang mga sintomas ng pagkalason sa tingga?

Karamihan sa mga bata na may pagkalason sa tingga ay hindi anyong may-sakit o kumikilos na may-sakit. na may sakit. Ang iksamen sa dugo ay ang tanging pamamaraan na magsasabi kung ang iyong anak ay may lason ng tingga. **Kausapin ang doktor o nars ng iyong anak ukol sa pagsusuri sa iyong anak at ang pagbawas sa pagkalantad sa tingga.**

Sino ang mga dapat suriin?

Ang mga bata na:

- Nakatira o regular na bumibisita sa bahay na pinatayo bago 1978, lalong-lalo na kung ito ay nireremodel.
- Nagngangata ng napintahang kasangkapan o mga pasimano ng bintana
- Naglalagay ng yari sa metal o napintahang mga laruan o alahas sa kanilang mga bibig
- Nabigyan ng mga tradisyonal na panlunas, gaya ng paylooah o surma
- Mayroong pakikipagkontak sa mga tao na nalantad sa tingga sa trabaho o mga libangan
- Kamakailan lamang na dumayo o inampon mula sa ibang bansa

PUBLIC HEALTH
ALWAYS WORKING FOR A SAFER AND HEALTHIER WASHINGTON

Ano ang dahilan ng pagkalason sa tingga sa mga bata?

Alikabok ng tingga at mga tatal mula sa pinta ng mga lumang mga bahay ay ang pinakamalaking pinanggagalingan ng pagkalantad. Ilayo ang mga bata sa natutuklap na mga pinta at plaster.

Nakakapunta ang mga alikabok ng tingga sa mga laruan at mga kamay ng mga bata. Nalululon ang tingga kapag nilalagay nila ang kanilang mga kamay at mga laruan sa kanilang mga bibig. Madalas na hugasan ang mga kamay at mga laruan ng mga bata upang maalis ang ano mang alikabok na tingga.

Ang iba pang mga bagay sa paligid ng bahay ay maari ring naglalaman ng tingga, kasama ang:

- Lupa at tubig
- Mga laruan at alahas
- Mga produktong yari sa vinyl
- Mga gawang-kamay na mga palayok, paso at iba pang kauri

Para sa karagdagang impormasyon

Departamento sa Kalusugan ng Estado ng Washington (Washington State Department of Health)

Pag-iwas sa Pagkalason sa Tingga Para sa Mga Bata (Childhood Lead Poisoning Prevention)
1-800-909-9898
www.doh.wa.gov/ehp/lead

Komisyon ng Kaligtasan ng Mga Namimili o Gumagamit ng Produkto sa US (US Consumer Product Safety Commission)

Mga Pagbabawi na May Kaugnayan sa Tingga sa mga Laruan
(Recalls Related to Lead in Toys)
1-800-638-2772
www.cpsc.gov/recentrecalls.html

Washington State Department of Health

DOH 334-141 AUGUST 2008 TAGALOG

PRINTING SPECIFICATIONS

Title:	**Lead Can Poison Your Child**
Size:	8.5 x 3.667
Paper stock:	80# cover Sterling gloss white
Ink color:	4-color process
Special instructions:	2-sided printing, full bleeds
DOH Pub #:	334-141